

## Tore ng Babel

(Genesis 11:1-9)

Matapos ang great flood noong panahon ni Noah, nagsimula na muling dumami ang tao sa mundo.



Sa simula'y iisa ang wika at magkakapareho ang mga salitang ginagamit ng lahat ng tao sa daigdig. Sa kanilang paglalakbay patungong silangan, nakarating sila sa isang kapatagan sa Shinar at doon na nanirahan. Nagkaisa silang gumawa ng maraming bato at semento. Ang sabi nila, "Halikayo at magtayo tayo ng isang lunsod na may toreng abot sa langit upang maging tanyag tayo at huwag nang magkahiwa-hiwalay sa daigdig."

Nakita ng Diyos ang toreng itinatayo ng mga tao. Sinabi niya, "Ngayon ay nagkakaisa silang lahat at iisa ang kanilang wika. Pasimula pa lamang ito ng mga binabalak nilang gawin. Hindi magtatagal at gagawin nila ang anumang kanilang magustuhan. Ang mabuti'y bumaba tayo at guluhin ang kanilang wika upang hindi sila magkaintindihan."

At ganun nga ang nangyari. Hindi nagkaintindihan ang mga tao kaya't natigil ang pagtatayo ng tore at sila'y nagkahiwa-hiwalay sa buong daigdig. Babel ang itinawag nila sa lunsod na iyon, sapagkat doo'y ginulo ng Diyos ang wika ng mga tao. At mula roon, kumalat ang mga tao sa buong daigdig.

Ang Diyos ay makapangyarihan. Kung ano ang Kaniyang plano sa lahat ng nilikha Niya, ito ay mangyayari. Sinabi ng Diyos kina Adan at Eba matapos silang likhain ay punuin ang mundo. Nagtayo ng isang lunsod na may toreng mataas ang mga tao sa Shinar upang hindi magkahihiwalay. Ito ay kabaligtaran sa inutos ng Diyos. Kaya naman iniba Niya ang kanilang salita upang matuloy ang utos Niya na mapuno ang mundo.

